Gabay sa mga Estudyante ng Senior high school na may kaugnayan sa iba’t ibang bansa sa pagpasiya ng kurso • karera para sa kinabukasan.

Orange Guide



PANIMULA

GUIDEBOOK ito na magagamit ng mga estudyante, mga guro sa senior high school at mga instructors ng Japanese language sa paggabay sa pamumuhay ng mga estudyante na may kaugnayan sa ibang bansa at sa mga magulang. Pakigamitin ang guidebook na ito sa pagpaliwanag at pagbigay payo tungkol sa pagpapasiya ng kurso・karera ng estudyante pagka-graduate sa senior high school.

Layunin ng guidebook

Upang maisakatuparan ng mga estudyante sa senior high school ang kanilang inaasam na kurso・karera, mahalagang palalimin ang kanilang pang-unawa sa Japanese system at sa pagpatuloy sa paghahanda. Ang pang-unawa at kooperasyon ng mga magulang ay mahalaga. Maging ang pipiliin ninyo ay ang magtrabaho o magpatuloy sa mas mataas na edukasyon, ang kaisipan at pera ng inyong pamilya ay may malaking kaugnayan. Bilang karagdagan, ang mga suporta na ibinibigay ng senior high school ay batay sa tanging kaugalian at sistema ng Japan. Umaasa kami na ang paggamit ng guidebook na ito ay makakatulong sa mga estudyante sa pagpasiya ng kanilang kurso・karera para sa kinabukasan.

Sino ang makakagamit nito?

Ipinapalagay na magagamit ang guidebook na ito ng mga guro sa high school, Japanese language instructors at mga taong sumusuporta sa pamumuhay kapag mag-interview sa mga estudyante at magulang. Kahit na ang ilan sa mga nilalaman ay mahirap, may nakasulat na hiragana at katakana ang mga kanji upang mapalalim ang pang-unawa ng mga estudyante at magulang. Maaaring i-download ito mula sa website ng Shizuoka International Exchange Association at maiimprinta rin ang kailangan lamang na mga pahina. Mayroong Japanese version (may hiragana), Portuguese version at Filipino version.

Ano ang mga nakasulat?

Inilalarawan nito ang nilalaman ng suporta sa pagpasiya ng kurso・karera na ibinibigay ng mga Japanese senior high school at nakasulat ang tungkol sa schedule, pera at ang mga organisasyong mapagkukunsultahan para sa "pagtatrabaho" at "pag-aaral sa mas mataas na edukasyon" sa lipunan ng Japan. Malalaman din ang mga kailangang paghandaang bagay sa pagpasiya ng kurso・karera.

Kapag mag-aaral kayo sa senior high school, kailangang pag-isipan kung ano ang hangarin para sa kinabukasan. Pag-isipan nang tiyak kung anong trabaho ang nais gawin at kailangan na ring pagpasiyahan ang kurso・karera hanggang sa graduation. Umaasa kami na ang guidebook na ito ay makakatulong sa pag-iisip at sa pag-uusap ng pamilya tungkol sa pipiliin ninyong kurso・karera para sa kinabukasan.

Taos-puso po kaming nagpapasalamat sa maraming taong tumulong at nagbigay payo, kabilang na ang mga guro sa senior high school at Japanese language supporters sa paglikha ng guidebook na ito.

2023. Marso Shizuoka International Exchange Association
2026. Nobyembre 1. ANG SENIOR HIGH SCHOOL (Rebisyon)

NILALAMAN

01 ANG SENIOR HIGH SCHOOL

1-1 Pagkakaiba ng Junior high school sa Senior high school ・・・・・・・・・・・・・・・・・ 04

1-2 Gastos sa pamumuhay sa Senior high school ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 05

1-3 Tungkol sa Scholarship ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 07

1-4 Ang pagkakaiba ng「Junior high school graduate」sa「Senior high school graduate」・・ 12

02 TUNGKOL SA KURSO・KARERA PARA SA KINABUKASAN

2-1 Kalagayan ng kurso・karera ng mga estudyante sa senior high school sa Shizuoka Prefecture ・・ 13

2-2 Suporta ng Senior high school sa kurso・karera ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 13

2-3 Suporta sa kurso・karera ng mga estudyanteng nais magpatuloy sa mataas na edukasyon ・・ 14

2-4 Suporta sa kurso・karera ng mga estudyanteng nais magtrabaho ・・・・・・・・・・・ 15

2-5 Japanese Language Proficiency Test（JLPT） ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 16

03 PAGTATRABAHO

3-1 Uri ng「PAGTATRABAHO」 ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 17

3-2 Job hunting ng mga estudyante sa senior high school ・・・・・・・・・・・・・・・・・ 18

3-3 One person per company system ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 20

3-4 Trabaho at Status of residence - Kumpirmahin ang inyong status of residence ・・・・ 20

3-5 Mga organisasyon para sa konsultasyon sa trabaho ・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 21

04 PAG-AARAL SA MAS MATAAS NA EDUKASYON

4-1 Mga uri ng mas mataas na edukasyon（University、Vocational school、Specialization school） ・・ 25

4-2 Mga uri ng entrance examination ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 26

4-3 Major university examination test schedule ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 27

4-4 Gastos sa entrance examination ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 28

4-5 Gastos sa pamumuhay sa university ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 28

4-6 Bagong support system para sa pag-aaral sa mas mataas na edukasyon ・・・・・・・・ 29

4-7 Mga scholarship para sa pamumuhay sa university ・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 30

05 MGA ORGANISASYON PARA SA MULTILINGUAL NA KONSULTASYON SA PAMUMUHAY AT KURSO・KARERA PARA SA KINABUKASAN ・・ 34

01 ANG SENIOR HIGH SCHOOL



1-1 PAGKAKAIBA NG JUNIOR HIGH SCHOOL SA SENIOR HIGH SCHOOL

Sa Japan ang Senior high school ay hindi Kompulsaryong edukasyon, ngunit nasa 97% ang rate ng mga estudyanteng nagpapatuloy ng edukasyon (mga 99% sa Prepektura ng Shizuoka). Halos lahat ng mga estudyanteng nagtapos ng pag-aaral sa junior high school ay nagpapatuloy ng pag-aaral sa senior high school. Malaki ang kaibahan ng Junior high school sa Senior high school.

	Junior high school	Senior high school
Nilalaman ng Pag-aaral	Ang mga pangunahing subject ay Wika・Mathematics・English・Science・Social studies	Kasama sa Science ang physics, chemistry, biology at iba pa. Ang social studies ay pinaghati sa geography, Japanese history, World history at iba pa. Nagiging malalim na.
Antas ng pag-aaral	Pangunahing nilalaman	Dumarami at nagiging mahirap ang nilalaman.
Pag-ulit ng 1 school year	Wala. Lahat makakapagtapos.	Maaaring pa-ulitin ng 1 school year o drop out.
Part time job	Hindi maaari	Makakapagtrabaho ayon sa loob ng saklaw na pagpapasiyahan ng paaralan.
Kurso・karera pagkatapos ng graduation	Karamihan ng mga estudyante ay pumapasok sa senior high school mula sa kanilang bahay.	Kayo na ang magpapasiya kung saang paaralan (university, vocational, especialization, iba pa) ang gusto ninyo, kung anong pag-aaralan o kung anong trabaho ang papasukan.

Mas pino・Mas malalim

Maaaring hindi makapagtapos.

Ang pagbalanse ng pag-aaral at trabaho ay nasa sainyo.

Paghahanda ng pagsasarili bilang adult

Sa senior high school ay nakakapagpasiya na mismo sa sarili ang estudyante, at mas lumalawak na ang saklaw ng mga aktibidad sa Shizuoka Prefecture. Umuunti na rin ang komunikasyon sa mga guro kaysa nang nasa junior high school. Ang paggugol ng oras sa sariling layunin ay kaugnay sa kasiya-siyang pamumuhay sa senior high school.

Alam ba ninyo ang tungkol sa Upper Secondary Specialized Training course (Upper Secondary Specialized Training School)?

Upper Secondary Specialized training school, ang paaralang ito ay para sa mga estudyanteng nagtapos sa Junior high school. Sa Shizuoka Prefecture ay mayroong 11 school sa larangan ng; Cooking, Hairdresser, Clothing, Industry, Commercial practice, etc. Ang katangian ng Upper Secondary Specialized Training School ay kung ihahambing sa pangkaraniwang senior high school, mas maraming practical training at mga klase ng practical skill para matamo ng mga estudyante ang mga kinakailangan at kasanayan na kapaki-pakinabang sa pagtatrabaho. Bilang karagdagan, may ilang Upper Secondary Specialized Training School na nakikipagtulungan sa Correspondence system senior high school. Na kung saan makakapag-aral ang estudyante ng mga subjects na kagaya ng curriculum sa karaniwang high school. Kung kaya't makakakuha ng kwalipikasyon hindi lamang sa specialization subjects pati na rin sa pagtatapos sa senior high school. Kagaya rin sa Pribadong Senior high school, makakatanggap kayo ng Tuition support system.

Shizuoka Vocational Education Promotion Association　https://wakuwaku-school.or.jp/

1-2 Gastos sa pamumuhay sa Senior high school

Iba ang gastos sa mga Senior high school ng Prepektura at sa mga Pribadong senior high school. Tuition fee, at iba pa.

Tuition fee, etc. sa Prefectural Senior High School

Uri		Tuition fee (sa 1 taon) ※1	Kailangang pera sa pasukan			Bayad sa Paaralan (sa 1 taon)
			Admission fee	Bayad sa Paaralan (sa oras ng pagpasok)	Bayad sa textbooks, P.E, uniform, at iba pa. (sa oras ng pagpasok)	
Full-time course system		118,800 yen	5,650 yen	Mga 50,000 yen	Mga 100,000～ 150,000 yen	Mga 120,000～ 150,000 yen
Part-time Course system	Liban sa credit system	32,400 yen	2,100 yen	Mga 50,000 yen	Mga 10,000～ 30,000 yen	Mga 100,000～ 130,000 yen
	Credit system	sa 1 credit 1,740 yen	2,100 yen	Mga 20,000 yen	Depende kung ilang klase ang kukunin	Mga 20,000 yen
Correspondence system		sa 1 credit 336 yen	510 yen	Mga 6,000 yen	Depende kung ilang klase ang kukunin	Mga 6,000 yen

※1 Ang tuition fee ay hindi binabayaran sa panahon ng pasukan. Dahil karamihan sa mga estudyante ay nag-aaplay sa Tuition Support Fund System (1-3 ①).

Sa karamihan ng mga Prefectural Senior high school (full-time), magbabayad ang mga estudyante ng admission fee, uniform fee, textbook fee, at school fees kapag pumasok. Ang mga bayarin sa paaralan ay pera para sa mga school events tulad ng mga kagamitan sa pagtuturo at mga excursion ng paaralan, mga bayarin sa pagiging miyembro ng PTA, atbp. Ang halaga ng pera na kinakailangan para sa pagpasok ay nasa pagitan ng 150,000 yen at 200,000 yen. Ang taunang bayad sa paaralan ay humigit-kumulang 100,000 yen hanggang 150,000 yen. Ang halaga ay nag-iiba ayon sa paaralan at school year.

Sa part-time system (maliban sa credit system), ang perang kailangan sa pasukan ay 60,000 yen hanggang 80,000 yen para sa mga textbook at bayad sa paaralan. Ang taunang bayad sa paaralan ay humigit-kumulang 100,000 yen hanggang 130,000 yen.

Sa part-time system (credit system), ang bayad sa paaralan ay humigit-kumulang 30,000 yen. Ang halaga ng mga textbook ay depende sa bilang ng mga klaseng kukunin.

Sa correspondence system, ang bayad sa paaralan na kailangan sa pasukan ay humigit-kumulang 7,000 yen. Ang halaga ng mga textbook ay depende sa bilang ng mga klase na inyong kukunin.

Tuition fee sa pribadong Senior high school, atbp. (Iba ang halaga depende sa kurso sa paaralan at sa senior high school)

Uri	Tuition fee (1 taon)	Kinakailangang gastos, atbp. (sa oras ng pagpasok)	Kinakailangang gastos, atbp. (taunang halaga)
Full-time course system (example)	Mga 480,000 yen	Mga 100,000 yen	Mga 100,000～150,000 yen
Correspondence System (example)	Mga 360,000 yen	Mga 70,000 yen	Mga 100,000～150,000 yen

Karamihan sa pribadong senior high school sa Japan, bago pumasok sa paaralan, kailangang bayaran ang admission fee, facility fee, tuition fee para sa unang termino (para sa 3–4 na buwan), mga bayarin para sa mga organisasyon o samahan, at iba pang bayarin. Nagkakaiba ang halagang kailangan sa pagpasok depende sa paaralan, ngunit karamihan sa high school ay umaabot ito sa humigit-kumulang ¥200,000 hanggang ¥400,000. Bukod dito, kailangan ding gumastos para sa mga kagamitan sa pag-aaral, uniporme, at iba pa.

Gayundin, sa karamihan sa correspondence system high school, bago ang pasukan kailangang bayaran ang admission fee, tuition fee, mga bayarin sa samahan at iba pang kaugnay na bayarin. Sa maraming paaralan, ang halagang kinakailangan sa oras ng pasukan ay humigit-kumulang ¥100,000 hanggang ¥250,000, ngunit nagkakaiba ang halaga depende sa kursong pipiliin at sa paraan ng pagpasok o pag-aaral, tulad ng kung regular na pumapasok sa paaralan o iba pang learning style.

Sa pribadong high school at correspondence high school, nagkakaiba ang panahon ng pagbabayad at ang halaga ng mga bayarin depende sa paaralan at sa kita ng pamilya. Kaya mabuting alamin at suriin muna ang mga kinakailangang bayarin bago mag-enrol.

1-3 Tungkol sa Scholarship


Sa Japan, tinutulungan ng Pamahalaan ang mga gastusin sa edukasyon ng mga mag-aaral sa Senior high school upang makatanggap sila ng edukasyon nang may kapayapaan ang isip. Ang mga pangunahing sistema ay "① Tuition support fund system" at "② Scholarship benefit system".

① Mga Programa ng Suporta ng Bansa at Prefecture para sa Bayad sa Tuition

Kapag pumasok na sa public o private high school, ipapaliwanag agad ng mga guro ang mga programa ng suporta para sa bayad sa tuition. Makakapag-apply kayo para sa mga ito. Depende sa residence status at nasyonalidad, maaaring magkaiba ang programang maaaring gamitin. Maaari ring magkaiba ang halaga ng suportang matatanggap depende sa taunang kita ng mga magulang o kabuuang kita ng pamilya (household income). Ang suportang ito ay direktang ginagamit para sa pagbabayad ng tuition ng high school student. Hindi ito perang direktang ibinibigay sa estudyante o sa mga magulang, kaya pakitandaan ito.

Mga kinakailangang dokumento para sa aplikasyon:
Residence Card • Sertipiko ng pagbubuwis at iba pang kaugnay na dokumento •
Sertipiko ng pagtatapos sa elementarya at junior high school sa Japan (kung ang status of residence ay Dependent/Family Stay

Mga mag-aaral na papasok simula Abril 2026



※ Ang "Bagong Tulong para sa Bayarin sa Pag-aaral sa High School ay para sa mga pamilyang may kabuuang taunang kita ng sambahayan na humigit-kumulang mas mababa sa ¥9.1 milyon. Kung ang taunang kita ng pamilya ay humigit-kumulang ¥9.1 milyon o higit pa, kailangang bayaran ang tuition fee.

※ Ang mga taong ang status of residence ay "Student" ay hindi kwalipikado para sa suportang-pinansyal na ito. Kailangan nilang magbayad ng tuition fee.

※ Ang mga estudyanteng pumapasok sa mga paaralang para sa mga dayuhan (foreign schools) ay hindi kwalipikado sa sistema ng suportang para sa bayarin sa pag-aaral sa high school.

Halaga ng Suporta

Public senior high school Suporta sa Pag-aaral o Bagong Suporta sa Pag-aaral

Taunang halaga 118,800yen (Public High School tuition fee)

Pag-uuri	Halaga ng suporta
Full-time course system	Taunang halaga118,800 yen (buwanan 9,900 yen)
Part-time course system (school year system)	Taunang halaga 32,400 yen (buwanan 2,700 yen)
Part-time course system (credit system)	Taunang halaga 52,200 yen (sa kaso ng 30 credits)
Correspondence system	Taunang halaga10,080 yen (sa kaso ng 30 credits)

Private Senior High School Suporta sa Bayarin sa Pag-aaral, atbp. - Halaga ng Suporta

Sa mga Private senior high school, ang halagang binabayaran ay nag-iiba depende sa taunang kita ng magulang/guardian. Ang halagang ito ay pinag-isa ng Shizuoka Prefecture's tuition exemption system at ng National support system.

Full-time system private senior high school (2026)

TAUNANG KITA NG PAMILYA	HALAGA NG SUPORTA
Mga humigit kumulang 2,700,000 yen	Taunang halaga 513,000yen (buwanang halaga 42,750 yen)
Mga higit 2,700,000 yen	Taunang halaga 457,000yen (buwanang halaga 38,100 yen)

Private Senior High School Suporta sa Bayarin sa Pag-aaral, atbp. - Halaga ng Suporta

Sa mga Private senior high school, ang halagang binabayaran ay nag-iiba depende sa taunang kita ng magulang/guardian. Ang halagang ito ay pinag-isa ng Shizuoka Prefecture's tuition exemption system at ng National support system.

Full-time system private senior high school (2026)

Tinatayang taunang kita ※1	Halagang Suporta ※2
0～mas mababa sa 270,000 yen	513,000yen (buwanang halaga 42,750 yen)
270～mas mababa sa 350,000 yen	453,600yen (buwanang halaga 37,800 yen)
350～mas mababa sa 700,000 yen	396,000yen (buwanang halaga 33,000 yen)
700～mas mababa sa 805,000 yen	198,000yen (buwanang halaga 16,500 yen)
850～mas mababa sa 910,000 yen	118,800yen (buwanang halaga 9,900 yen)

※1 Ang taunang kita ng pamilya ay pamantayan para sa pamilyang may apat na miyembro (mga magulang・estudyante sa high school・estudyante sa junior high school) na ang isa sa mga magulang ay nagtatrabaho.

※2 Nasa maximum na halaga ang tuition fee ng senior high school na pinapasukan.

- Ang aktwal na desisyon ay awtomatikong ginagawa sa pamamagitan ng pagsubmit ng My Number ng Guardian sa pamahalaan ng Prepektura sa pamamagitan ng Senior high school pagkatapos ng pasukan.
- Sa prinsipyo, ang Guardian ay "ang taong may awtoridad na magulang (ama at ina)" o "ama o ina" sa kaso ng pamil-yang single-parent.
- Kung ang isa sa mga magulang o tagapag-alaga ay nakatira sa ibang bansa, ang pinakamataas na halagang maaaring matanggap ay ¥9,900 bawat buwan.

Reference: Shizuoka Prefectural Board of Education,Senior High School Education Division;Shizuoka Prefecture, Private School Promotion Division.

② Scholarship benefit system

Suportang pera para sa pamilyang may mababang kita sa ilalim ng National system.　Maaaring gamitin para sa mga gastusin sa edukasyon maliban sa tuition fee, tulad ng mga textbook at mga gastos sa school trip. Maaring mag-aplay ang magulang sa paaralan.　Hindi na kailangang ibalik. Kumunsulta muna sa paaralan.

Mga taong kwalipikado

[1] Ang mga magulang o tagapag-alaga ay naninirahan sa Shizuoka Prefecture, at ang nasyonalidad, residence status, at iba pang kondisyon ng mag-aaral ay tumutugma sa alinman sa (1) hanggang (7) sa ibaba.
[2] Mga estudyanteng dayuhan na hindi kabilang sa alinman sa mga kategorya 1–7, o mga estudyanteng pumapasok sa mga paaralan para sa mga dayuhan (para sa mga bagong mag-aaral, hindi kasama ang foreign student).

(1) Japanese (2) Special Permanent Resident (3) Permanent Resident
(4) Spouse or Child of a Japanese (5) Spouse or Child of a Permanent Resident
(6) Mga taong may「Long-Term Resident」na status of residence at kinikilalang may layuning manirahan nang permanente sa Japan sa hinaharap.
(7) Ang mga may status na "Dependent/Family Stay" na nagtapos sa elementarya o junior high school (kasama rin ang mga nasa specialized course ng high school). Mga taong kinilalang may loobing magtrabaho at patuloy na maninirahan sa Japan pagkatapos ng pag-aaral sa senior high school at iba pa.

※ Para malaman kung kwalipikado kayo, kumonsulta muna sa senior high school bago mag-apply.

Public senior high school Scholarship benefit Halaga ng benepisyo

Pag-uuri	Halaga ng benepisyo (taunang halaga)	
Pamilyang tumatanggap ng benepisyo ng Public Assistance	Full-time, part-time, at correspondence na course: 32,000 yen	
Pamilyang exempted sa pagbabayad ng resident tax	Full-time・Part-time 143,700 yen	Correspondence・Specialized course 50,500 yen
Ang kabuuang halaga ng income-based tax portion ng pamilya ay 100 yen o higit ngunit mas mababa sa 105,500 yen.	Full-time・Part-time 47,900 yen	Correspondence・specialized course 16,830 yen Kung nasa specialized course na naangkop sa [2], ang halaga ay 10,100 yen
Ang kabuuang halaga ng income-based tax portion ng pamilya ay 105,500 yen o higit ngunit mas mababa sa 182,500 yen.	Full-time・Part-time 35,930 yen	Correspondence 12, 630 yen
Ang kabuuang halaga ng income-based tax portion ng pamilya ay higit sa 105,500 yen ngunit mas mababa sa 264,500 yen at may tatlo o higit pang anak (para lamang sa specialized course).	—	Specialized course 12,630 yen Ang naangkop sa [2] ay 10,100yen

- Ang kabuuang halaga ng income-based portion ng residence tax ay tumutukoy sa pinagsamang halaga ng income-based portion ng prefectural tax at income-based portion ng municipal tax ng lahat ng mga magulang o tagapag-alaga.

Private Senior High School Scholarship benefit Halaga ng benepisyo

Pag-uuri	Full-time Halaga ng benepisyo	Correspondence Halaga ng benepisyo	Specialized course Halaga ng benepisyo
Pamilyang tumatanggap ng benepisyo ng public assistance	Taunang halaga 52,600yen	Taunang halaga 52,600yen	—
Pamilyang exempted sa pagbabayad ng resident tax: Mababa sa 2.7 milyon yen	Taunang halaga 152,000ye	Taunang halaga 52,100yen	Taunang halaga 52,100yen
¥2.7 milyon o higit ngunit mas mababa sa ¥3.8 milyon yen	Taunang halaga 50,670yen	Taunang halaga 17,370yen	Taunang halaga 17,370yen
¥3.8 milyon o higit ngunit mas mababa sa ¥4.9 milyon.	Taunang halaga 38,000yen	Taunang halaga 13,030yen	—
¥3.8 milyon o higit ngunit mas mababa sa ¥6 milyon (Pamilyang may anak na 3 o higit)	—	—	Taunang halaga 13,030yen

- Ang taunang kita ng pamilya ay tinatayang halaga na batay sa pamilyang may 4 na miyembro: mga magulang, estudyante sa senior high school o Junior High school.
- Ang suportang ito ay para lamang sa mga taong naangko sa [2] at estudyante sa School for Foreigners na ang pamilya ay tumatanggap ng Public assistance・exempted residence tax.

Iba pang mga sistema ng suporta sa pag-aaral

Suporta sa Pag-aaral Suporta para sa mga biglaang pagbabago sa pinansiyal ng pamilya

Ito ay isang pondo ng suporta para sa mga pamilya na ang Guardian ay biglang nawalan ng trabaho o kailangang mag-leave of absence dahil sa sakit o pinsala. Binabawasan ang tuition fee para sa mga pamilyang bumaba ang kita (ang taunang kita ay mas mababa sa mga 2,720,000 yen para sa isang pamilyang may apat na miyembro). Mangyaring kumunsulta sa inyong paaralan tungkol sa mga pamamaraan.

Suporta para sa muling pag-aaral

Ito ay pondong suporta para sa mga estudyanteng lumipat・ huminto sa senior high school at gustong pumasok muli sa senior high school. Maaaring mag-aplay kung ang kita ng pamilya ay mababa sa ¥9.1 milyon (Maximum na 12 buwan para sa full-time system, maximum na 24 buwan para sa part-time at correspondence system). Hindi makakapag-aplay ang estudyanteng may residence status na「foreign student」Mangyaring kumunsulta sa inyong school, atbp. tungkol sa mga pamamaraan.

Scholarship Loan System

Ito ay isang uri ng loan na suportang pera (kailangang ibalik ang pera sa ibang pagkakataon). Maaaring humiram ng pera ang mismong estudyante at ibalik ito pagkatapos ng pag-aaral sa Senior high school. Kung mahihirapang mag-bayad sa kadahilanan tulad ng pag-aaral sa university, maaari ninyong pahabain ang panahon ng pagbabayad. Mang-yaring kumunsulta sa inyong school tungkol sa pamamaraan.

	Loan-type scholarship na pang-edukasyon Pondo sa edukasyon	Loan-type scholarship na pang-edukasyon	Part-time・Correspondence Pondo sa pag-aaral
Karapat dapat na tao	Senior High Sch. Special school Vocational school	Senior High Sch. College of Technology	Part-time student Correspondence student
Kondisyon sa pag-aplay	Dapat nakatira ang magulang sa Shizuoka Prefecture		Nagtatrabaho ang estudyante (kabilang ang part-time) 18 credits o higit pa sa bawat taon
Kondisyon sa grades	Junior high 3.5 o higit pa Senior high 3.0 o higit pa	Wala	Wala
Joint guarantor	2 Tao		2 Tao
Halaga ng loan	Pumapasok sa public school mula sa bahay 216,000 yen/taon Pumapasok sa public school mula sa labas ng bahay 276,000 yen/taon Pumapasok sa private school mula sa bahay 360,000 yen/taon Pumapasok sa private school mula sa labas ng bahay 420,000 yen/taon		Ang kabuuang halaga ng income-based tax portion ay mababa sa ¥85,000 ¥168,000 / taon Ang kabuuang halaga ng income-based tax portion ng buong pamilya pati magulang ay higit sa ¥85,000, ngunit mababa sa \182,500 ¥126,000 / taon
Tinatayang kita	Mas mababa sa 8,070,000 yen para sa pamilyang may 4 na miyembro	Mas mababa sa 4,250,000 yen para sa pamilyang may 4 na miyembro	Mas mababa sa 4,900,000 yen ang taunang kita ng bawat guardian, atbp.
Paraan ng pagbabayad	Makakapagbayad nang installment pagkaraan ng graduation		Maeexempt sa pagbayad kung makagraduate. Kung hindi makagraduate kailangang bayaran ang buong halagang natanggap na pondo sa pag-aaral.

①Pondong suporta sapag-aaral at Bagong suporta sa pag-aaral ②Makakapagg-aaplay para sa benepisyo ng scholarship pagkatapos ng admission, tumatagal ito ng mga ilang buwan. Lalo na kung mag-aaral sa isang pribadong senior high school, kailangang maghanda ng pera bago pumasok sa paaralan. Siguraduhin sa inyong paaralan, atbp., kung kailan at kung magkano ang kakailanganin ninyo.

1-4 Ang pagkakaiba ng "nagtapos ng Junior high school" sa"nagtapos ng Senior high school"


Malaki ang pagkakaiba ng mga estudyanteng “nagtapos ng Junior high school" sa "mga nagtapos ng Senior high school" sa usapin ng habambuhay na sahod (pera na natanggap sa pamamagitan ng pagtatrabaho habambuhay) at ang ratio ng mga Full-time employee. Maaaring ninanais ng ilan sa mga estudyante na makakuha ng propesyonal na kwalipikasyon upang makakuha ng magandang trabaho. Kailangan din ang diploma sa Senior high school upang makakuha ng test sa mga kwalipikasyon.

Mga kwalipikasyon na kinakailangan ang diploma sa Senior high school o mas mataas pa (halimbawa)

Nutritionist, nutrition manager, nurse, beautician license, atbp. Kinakailangan din ang diploma sa Senior high school upang makapasok sa vocational school o university.



Pagkakaiba sa habambuhay na sahod ng "Junior high school graduate" sa "Senior high school graduate"(2019)




May pagkakaiba na
mga 6,000,000 yen ~ 14,000,000 yen
sa habambuhay na
sahod sa nagtapos sa junior high sch.
sa nagtapos sa senior high sch.




※ Pagka-graduate kung patuloy na magtatrabaho bilang full-time na empleyado hanggang sa edad na 60 taon
※ Hindi kasama ang mga benepisyo sa pagretiro
Source : Useful Labor Statistics 2021 -Collection of Labor Statistics Processing Indicators-
https://www.jil.go.jp/kokunai/statistics/kako/2021/index.html

Percentage ng mga full-time na empleyado na nagtapos sa junior high " at " nagtapos sa senior high "



Mataas ang porsyento ng
mga nagtapos sa
Senior high school na nagtatrabaho
bilang Full-time employee.




Source : 2018 Young Person Employment Survey
https://www.mhlw.go.jp/toukei/list/4-21c-jyakunenkoyou-h30.html

02 Tungkol sa kurso・karera para sa kinabukasan




2-1 Kalagayan ng kurso・karera ng mga estudyante ng senior high school sa Shizuoka Prefecture

2020 Kurso・Karera ng mga nagtapos sa Shizuoka Prefectural Senior High School



Mga 73% ng mga estudyante ang nagpapatuloy sa mas mataas na edukasyon kabilang na ang vocational schools.



Source Pagsisiyasat ng kalagayan ng mga estudyante pagkatapos ng graduation sa senior high school (Shizuoka Prefectural Board of Education Education Policy Division)
https://www.pref.shizuoka.jp/kyouiku/sotugo.html

2-2 Suporta ng Senior high school sa kurso・karera

Sa Japan, karamihan sa mga estudyante sa senior high school ay nagpapasiya ng kanilang kurso・karera bago magtapos. Sa senior high school, mayroong iba't ibang suporta sa pagpasiya ng kurso・karera mula sa first year. Kung nagtapos kayo sa senior high school nang wala pang pasiya (hindi nagpasiya kung saan mag-aaral o kung saan magtatrabaho), mawawala ang suporta na natanggap ninyo mula sa paaralan. Ito ay lalong magpapahirap sa estudyante na lumikha ng sariling kapaligiran sa pag-aaral at para sa mga estudyan-teng gustong makakuha ng trabaho o para makakuha ng alok na trabaho (intensiyon ng kumpanya na kunin ang nag-aaplay).

Mahalagang malaman ng magulang ang tungkol sa suporta ng senior high school sa pagpasiya ng kurso・karera ng anak at ang kanyang iniisip. Kung hindi ninyo maintindihan ang isang bagay, magtanong sa guro. Kailangang pag-usapan ng pamilya kung ano ang hinahangad ng anak sa hinaharap.

Ang pagpasiya ng kurso・karera ng mga estudyante sa senior high school ay higit na nahahati sa "pagpapatuloy sa mas mataas na edukasyon " o "pagtatrabaho".

2-3 Suporta para sa kurso・karera ng mga studyanteng nais magpatuloy sa mas mataas na edukasyon.

Bagama't ito ay naiiba sa mga senior high school, may iba't ibang kurso・karera para sa pagpapatuloy sa mas mataas na edukasyon.

School year	Main career support	Goal
1st year student	• Career aptitude test • Course desire survey • Interview (two-party interview, three-party interview) • Practice exam	• Alamin ang “humanities” and “science” at magpasiya ng gustong pasukan. • Alamin ang university at department na interesado kayo • Alamin ang gastos sa pag-aaral, • Kumuha ng Japanese Language Proficiency test , English Proficiency Test, at iba pa.
2nd year student	• Course desire survey • Briefing session para sa mga magulang • Interview (two-party interview, three-party interview) • Practice exam • Pagpili ng subject para sa 3rd year student	• Pag-isipang mabuti ang tungkol sa university at department. • Lumahok sa mga open campus at trial classes • Magpractice sa “interview" at pagsulat ng "essay"
3rd year student (4th year student)	• Course desire survey • Briefing session para sa mga magulang • Interview (two-party interview, three-party interview) • Practice exam	• Magpasiya ng gustong pasukan • Magpractice sa “interview" at pagsulat ng "essay” • Isulat ang dahilan ng aplikasyon. • Paunlarin pa ang kaalaman. • Maghanda para sa mas mataas na edukasyon

Magpasiya na hanggang Taglagas kung mag-aaral ng “humanities” o ” science”. Mayroong career aptitude test, gamitin itong reperensiya.

Humingi ng payo sa pamilya at guro at saka magpasiya ng kurso・karera

Gumawa ng plano sa pagkuha ng eksamin sa pamamagitan ng payo at interview ng guro. Hayaan ang estudyante na paunlarin ang academic skills upang makamit ang kanyang goals.

Sa senior high school, mayroong "Course Desire Survey" mula sa first year. Mayroong mga practice test nang mga 3 beses para sa mga estudyante sa 1st at 2nd year at mga 5 beses para sa mga estudyante sa 3rd year upang matulungan silang makapasok sa mas mataas na edukasyon. Mahalagang malaman ng mga estudyante ang kanilang sariling kakayahan at linangin ang kanilang kaalaman sa akademiko sa pamamagitan ng mga klase sa paaralan, mga supplementary classes, at pag-aaral sa tahanan.

Mayroong “two-way interviews” sa pagitan ng mga estudyante at guro, at “triple-way interviews” na kasama ang mga magulang. Mahalagang regular na pag-usapan ng inyong pamilya ang pagpapasiya ninyo ng kurso・karera.

2-4 Suporta sa kurso・karera ng mga estudyanteng nais magtrabaho

Bagama't ito ay naiiba sa mga senior high school, may iba't ibang uri ng suporta sa kurso・karera para sa paghahanap ng trabaho

School year	Main career support	Goal
1st year student	● Career aptitude test ● Course desire survey ● Interview (two-party interview, three-party interview)	● Alamin ang trabahong interesado kayo ● Kumuha ng Japanese Language Proficiency test , English Proficiency Test, atbp.
2nd year student	● Practice exam (General common sense measures) ● Course desire survey ● Company tour ● Internship ● Interview (two-party interview, three-party interview)	● Isipin kung anong klaseng trabaho mayroon. ● Isipin kung anong trabaho ang akma sa inyo. ● Matutong magbasa ng job posting at magsulat ng resume Kumuha ng Japanese Language Proficiency test , English Proficiency Test, at iba pa.
3rd year student (4th year student)	● Course desire survey ● Pagpractice ng interview ● Interview (two-party interview, three-party interview) ● Local business guidance ● Business course (pagsulat ng resume, etc.)	● Sa pamamagitan ng interview ng guro, magpasiya kung aling kumpanya ang gustong pasukan ● Gumawa ng application document ● Maghanda para maging miyembro ng lipunan bago pumasok sa kumpanya.

Pag-isipan ang kukuning kurso・karera sa pamamagitan ng career aptitude test at mga klase sa pagtatrabaho.

Sa pagtatapos ng sophomore year, pagpasiyahan ang hangad na kurso・karera. Hanggang sa panahong iyon, makilahok sa mga paglilibot sa kumpanya at mga internship.

Magpractice ng interview at examine upang makakuha ng trabaho sa kumpanyang inyong pinili. Maghanda para sa pagpasok sa kumpanya.





2-5 Japanese Language Proficiency Test (JLPT)

Isa itong test upang masuri ang kahusayan sa Japanese language proficiency ng mga non-native Japanese speakers. Nahahati ito sa N1 ～N5, kung saan ang N1 ang pinakamataas na antas. May mga test tuwing Hulyo at Disyembre bawat taon. Ang pinakamalaking inaalala ng mga kumpanya kapag kumukuha ng mga dayuhan ay kung gaano sila kahusay makipag-usap sa Japanese. Depende sa university, ito ay ini-evaluate sa oras ng entrance examination.

Sa pagpasok sa「trabaho」o「pag-aaral sa mas mataas na edukasyon」kung makapasa sa test, maipapakita ninyo ang inyong kakayahan sa Japanese language.

Impormasyon **Japanese Language Proficiency Test Reception Center**

Tel.No.03-6686-2974 **https://www.jlpt.jp/**



03 PAGTATRABAHO




3-1 Uri ng「PAGTATRABAHO」

Iba't ibang uri ang "PAGTATRABAHO". Unawain ang pagkakaiba ng Full-time employee at Non-Full-time employee.


	Full-time employee	Non-Full-time employee (Dispatch, part-time job, etc.)
Employment Period	Makakapagtrabaho hanggang magretiro	1 buwan, 1 taon, etc. May time limit
SAHOD	Buwanang sahod Ang basic salary ay pareho anuman ang bilang ng araw at oras ng trabaho. Tumataas ang sahod unti unti May bonus at benepisyo sa pagretiro May allowance sa pabahay at pamilya	Orasang sahod Iba ang halaga ng sahod depende sa bilang ng araw at oras ng pagtatrabaho Kahit ilang taong magtrabaho pareho pa rin ang halaga ng sahod
TRABAHO	Gumagawa ng iba't ibang trabaho. Nagtuturo din sa mga tao.	Hindi nagbabago ang nilalaman ng trabaho. Ginagawa lamang ang pinapagawang trabaho.
MERIT	May matatag na pamumuhay at kaunti ang pag-aalala. Makakapag-aplay ng educational loan at housing loan. Makakapagtraining.	May suporta ang dispatch company sa pamamaraan at wika. Nakatakda ang lugar ng trabaho, nilalaman at panahon.
DEMERIT	Dumadagdag ang inaalalang bagay at trabaho. Maaaring magbago ang lokasyon ng trabaho. Mahirap magbakasyon nang mahabang panahon	Kapag bumaba ang ekonomiya maaaring mawalan ng trabaho. Mas tumatanda mas mahirap makakuha ng trabaho.

Kung nais ninyong magkaroon ng matatag na pamumuhay, at magtrabaho sa Japan nang mahabang panahon, pag-isipang makapagtrabaho bilang Full-time na employee. Iba rin ang habambuhay na sahod. Mas maraming obligasyon at responsabilidad ang Full-time employee, ngunit nakakatanggap sila ng training, housing allowance at napapagkalooban ng company services kagaya ng special leave. Ang Full-time employee ay nalilinang at nadadagdagan ang kaalaman.

